

Unang Markahan Baitang 8

Supplemental Lesson Plan 1

Aralin 1: Katuwiran Mo, Ipaglaban Mo

Sakdal at Parusa (Duplo na Isinulat ni A. Fernandez)

A. PANIMULA

1. Bago simulan ang aralin, tatanungin ang klase kung may mga alam silang kasabihan.
2. Magtatawag ng ilang mga mag-aaral upang sabihin sa klase ang alam nilang mga kasabihan.

B. KATAWAN

1. Pagpapalawak ng Kaalaman

- a. Maghanda ng apat na papel na may nakasulat na mga salawikain. Nakatupi ang mga papel.
- b. Hahatiin sa apat na grupo ang buong klase at papapiliin ng isa sa mga nakatuping papel ang kinatawan ng bawat grupo. Maaaring magdagdag ng grupo kung malaki ang klase.
- c. Pagkatapos ng 10 minutong pag-uusap, mag-uulat sa klase ang bawat grupo. Pipili sila ng lider na mag-uulat ngunit mahalagang tiyakin na may papel ang bawat isang miyembro ng grupo.
- d. Mga gabay na tanong para sa bawat grupo:
 - Ano ang pagkakaunawa ninyo sa kasabihang inyong nakuha?
 - Anong ugali ng mga Pilipino ang ipinakikita sa kasabihan?
 - Sa iyong palagay, epektibo pa rin ba sa kasalukuyan ang mga kasabihan? Bakit mo nasabi?
- e. Pagkatapos ng mga *group reporting*, magkakaroon ng talakayan tungkol sa mga *report* na ibinigay ng bawat grupo. Maaaring magpalitan ng mga palagay ang magkakaklase tungkol sa mga kasabihang tinalakay ng ibang grupo.

Pamantayang Pangnilalaman:

Naipamamalas ng mga mag-aaral ang kasanayang makilala ang duplo at kasabihan bilang mga anyo ng katutubong panitikan.

Pamantayan sa Pagganap:

Nakapagsusulat ang mga mag-aaral ng sariling duplo batay sa mga itinakdang pamantayan.

Mga Kasanayang Pampagkatuto:

1. Nauunawaan at naipaliliwanag ang kahulugan ng mga kasabihan
2. Naiuugnay ang mga kaisipang nakapaloob sa mga kasabihan sa mga pangyayari sa buhay
3. Naibabahagi sa klase ang mga kaalaman

- f. Bago magsimula ang talakayan, mahalagang ipaliwanag na walang mga maling sagot dahil ang sasabihin ng bawat kaklase ay maaaring galing sa kanyang personal na pag-unawa o sa kanyang karanasan.
- g. Pagkatapos ng talakayan, ibubuod ang napag-usapan sa klase.

Mga mungkahing kasabihan:

Bago ka bumati ng ibang uling
Ang uling mo muna ang siyang pahirin.

Kapag may isinuksok,
May madudukot.

Natutuwa kung pasalop
Kung singili'y napopoot.

Mayaman ka man sa sabi
Dukha ka rin sa sarili.

2. Pagbasa

Pangkatán at sagutang ipapabasa sa bawat grupo ang teksto. Magtatakda kung hanggang saan ang hati ng bawat grupo sa babasahing teksto.

Sakdal at Parusa

(Duplo)

Ang bahaging ito'y siyang kasukdulan sa duplo. Hango ang siniping ito sa inihandang duplo ni A. Fernandez noong 1910. Ginamit ang sipi gayong kumakatawan hindi sa ika-18 dantaon kundi sa ika-20 sa layuning maipahiwatig man lamang ang daloy ng diwa sa isang duplo. Sa bahaging ito, may nagsakdal na unang belyako laban sa isang belyaka, na dahilan umano ng pagkamatay ng ibong alaga ng isang dukeng nagkasakit dahil sa pagyaong yaon ng ibon.

- 4. Nakapagsusulat ng duplo at naitatanghal ito sa klase
- 5. Nakapagbibigay ng opinyon at katuwiran tungkol sa paksa

Various online tools which make teaching and learning richer and more meaningful are just a few clicks away!

Log on to www.rexinteractive.com

Parurusahan na sana ng hari, sa pamamagitan ng palmartoryo ang belyaka, subalit may lumitaw na ikalawang belyako na nagtanggol sa belyaka, sa pagsasabing hindi ito ang may-sala kundi iba, na maituturo niya. Saka siya naglahad ng kanyang sariling layon; ang belyaka'y may utang sa kanya. Ang gayong sakdal ay napatunayan sa paglilitis.

Hari

(Sa belyaka nakatingin.)
Narinig na ninyo ang sumbong
ng isang binatang nagsakdal ng layon,
ako'y hatol naman ang itatalaga,
magbayad ng utang sa taong may habla.
At kung hindi ninyo ito mabayaran
sa isinusumbong na inyong inutang,
ang ihahatol ko: kayo'y parusahan,
papaluin kayo ng dalawang siyam.
(Uutusan ng belyakong nagsakdal)
Hayo'y tuparin mo hatol kong talaga:
belyaka'y paluin at bigyang-parusa,
sa dalawang siyam at wala nang iba,
kulungin ay huwag, huwag magbabawa...

Belyakong Nagsakdal

(Titindig at lalapit sa belyaka.)
Ipagpatawad mo ang aking paglapit,
Pagtupad sa hatol ng punong lumitis
Sa nagawang sala't utang sa pag-ibig,
Na di binayaran ng tapat na dibdib.
Kung sa bagay, sadyang isang kataksilan
na papagdusahin ang iyong kariktan,
yaong si kupido'y lumuluhang tunay
at dahil sa hapis ay hinihintay.
Walang paglulanan ang kipkip na habag,
habag sa parusang sa iyo ay gawad;
ano ang gagawin, ako'y tumutupad
nang dibdib ko't puso ay halos mawalat.
Kaya ang kamay mo sana ay iabot
sa inuutusang kapalara'y kapos...

Belyaka

(Ilalahad ang palad.)
Ako sa parusa'y kusang sumusunod,
kung talagang hatol: tuparin ang utos...

Belyakong Nagmamasid

Tigil ang pagpalo ng pusong may galit
sa isang bulaklak na hulog ng langit:
ang lahat ng nimpa halos ay tumangis
at pati ng puso ngayo'y nanginginig.
Nasaan ang iyong habag at paggalang
sa mga bulaklak ng irog ng bayan!
ano't iyang puso ay labis ang tibay
sa pagdurusahing walang kasalanan?
Hindi ko matiis na tunghan ng mata
na ang binibini ngayon ay magdusa;
ako'y naririto at natatalaga,
katawan at buhay sa iparurusa.
Kung sa bagay, ako'y walang karapatang
mag-usig sa sala ng parurusahan,
datapwa't ang puso ay walang itagal
kundi ang matuwid ay ipasanggalan.
Totoo marahil na ang naging sala
ay pagpapahirap ng kaniyang ganda,
siyang naging sanhi ng taglay mong duda,
siya ring papatid sa tangang hininga.
Nguni, di magiging isang kasalanan
ng isang dalaga ang ikaw'y magdamdam.
sa kaniyang anyo'y wala siyang malay,
ano't di sabihin ang sintang sinimpan?
Kapagdaka ngayon nang iyong mamalas
ay pararatangan ng salang mabigat,
parurusahan pa ang kahabag-habag,
hindi man nilitis, hinatula't sukat...
Kayo ay matakot, dapat panginigan,
sa hatol na walang mga katuwiran,
lalo sa mahihin't sawing paraluman,
walang tagatanggol sa hampas ng buhay.
Ang isang bulaklak na kagaya nito,
walang iwing lakas kundi yaong bango,
panong pagmamatwid, patunay ay pano,
tangi sa asiwa ay babaing tao?

Kayo'y may sarili't buong kakayahan,
marunong, malakas at sakdal ng yaman,
ang isang kawawa'y pagkakaisahang
hatula't ilugmok sa kapighatian.
Ang dakilang aral ay isaalaala

Various online tools which make teaching and learning richer
and more meaningful are just a few clicks away!

Log on to www.rexinteractive.com

niyong Mananakop nang nabubuhay pa,
sa Ebanghelyo ay inyong mababasa:
huwag parusahan yaong walang sala.
At saka ang awa'y huwag lilimutin
at sa kapwa-tao'y walang tatangiin:
gayundin sa kulay: maputi't maitim,
sinuman ay walang sukat pahigitin.
Ngayon ay kaiba yaring namamalas,
wala nang apihin kundi ang mahirap;
kahit may matuwid, pinupuwing agad,
ang kapangahasa'y sa yaman at lakas.
Kaya napilitang nahabag ang dibdib
sa parurusahang himala ng dikit,
kalapastanganan ang magbigay-sakit
sa isang luningning na buhat sa langit.

Belyakong Nagsakdal

Karahang kayo niyang pangungusap
na labis ng hapdi at sa ami'y gawad,
gawang pamumusong ay di hinahangad,
pagkatao ko na't sa mundo'y mamulat.
Itong pagsasakdal na aking ginawa
laban sa bulaklak na kahanga-hanga
ay hindi sa galit, hindi rin sa kutya,
kundi sa simbuyo ng pusong tinudla.
At isang pagsubok na pagpaparamdam
sa tinitiis kong mga kahirapan,
hirap sa pagsintang kikitil sa buhay
buhat ng makita ang kaniyang karikitan...
(Sa belyaka'y lalapit.)

Sa aking pagganap sa pagpaparusa
ay sa adhikaing ikaw'y bigyang-sala;

nais ko'y ihibik sa mahal mong ganda
ang subyang ng pusong bihag ng pagsinta.
Ipagpatawad mo yaring kakulangan
sa pagkakamali't mga pagbibintang:
upang makabayad ang sawing katawan,
itarak sa dibdib iyang iyong punyal.
Yayamang wala nang ligaya ang dibdib,
at nihag sa puso ay utos ng galit,
mabuti pa ngayon, buhay ko'y mapatid
sa harap ng aking tanging iniibig.

Belyaka

Ako'y walang kaya at sukat iganap
at wala ring pusong nilikha sa tigas
kahit na dinusta ang abo kong palad,
ako'y magtitiis, datapwa't... patawad!
Patawad sa iyong mithi't kahilingan
na ako ay siyang bumihag sa buhay
hanggang dito'y sukat at iyong hanggahan
hibik mong pagsinta'y ipaibang araw.

Belyakong Nagsakdal

Kung ganito, ako'y nagpasasalamat
sa huling pangakong iyong kabibigkas,
salamat at yaring pusong naghihirap
ay may panahon pang magkakaliwanag.
Ipagpaumanhin ang lahat ng bagay
at ako sa inyo ay magpapaalam,
huwag ipagkait iabot ang kamay
dini sa aalis na lingkod na tunay.
(Makikipagkamay sa belyaka, ang belyako'y
yuyukod sa hari.)

Yamang naganap na at aking natupad
ang layon ng pusong sa ganda'y nabihag,
mahal naming Hari, maraming salamat,
mag-utos kang muli sa iyong alagad.

Hari

Salamat sa inyo
belyaka't belyako,
tapos ang nagbayo
dala pati halo.

Halaw sa: Tatlong Panahon ng Tulang Tagalog ni Julian Cruz Balmaceda, pp. 37–38
Surian ng Wikang Pambansa, 1947

3. Pagpapalawak ng Talasalitaan

Ipatukoy sa mga mag-aaral ang kahulugan ng sumusunod na mga salita:

pighati	subyang
pangahas	belyako
adhika	duplo
lugmok	asiwa

Various online tools which make teaching and learning richer
and more meaningful are just a few clicks away!

Log on to www.rexinteractive.com

4. **Kasanayang Pampanitikan**

- a. Muling magsasama-sama ang magkakagrupong nabuo sa talakayan ng mga kasabihan sa unang araw at pag-uusapan nila ang sagot sa mga tanong.
- 1) Saan at kailan ginagawa ang duplo?
 - 2) Bakit ginagawa ang duplo?
 - 3) Ano ang paksa ng binasang duplo?
 - 4) Ayon sa hari, ano ang hatol na parusa sa hindi nakapagbayad ng utang?
 - 5) Bakit ipinagtanggol ng belyakong nagmamasid ang belyakang pinaparusahan?
 - 6) Paano pinangatuwiran ng belyakong nagsakdal ang kanyang sumbong laban sa belyaka?
 - 7) Nangyayari pa ba sa kasalukuyan ang duplo? Kung hindi na, ano sa palagay mo ang ginagawa na ngayon ng mga taong nakikipaglamay sa pamilya ng mga namatayan? (Ang tanong na ito ay maaaring itanong sa lahat ng mga grupo dahil maaaring mayroon silang mga sariling opinyon, sagot, o karanasan tungkol sa bagay na ito).
- b. Pipili ng grupong sasagot sa mga tanong. Maaaring magdagdag ng mga tanong. Ililista sa pisara ang mahahalagang sagot ng mga mag-aaral.

5. **Pagpapayaman**

Tatalakayin sa klase ang kasaysayan ng duplo. Maaaring maghanda siya ng mga listahan ng mga katawagan sa duplo.

Ang DUPLO ay isang laro na masasabi ring isa sa mga unang dula sa Pilipinas na makikita sa kultura ng mga Tagalog. Ginaganap ang larong ito sa bakuran ng isang namatayan sa ika-siyam na gabi pagkatapos ng libing. May dalawang hanay ng magkatapat na bangko sa larong ito, sa isang hanay nakaupo ang mga babae na tinatawag na belyaka, at sa isang hanay naman ang mga lalaki na tinatawag na belyako.

Nagsisimula ang laro sa pamamagitan ng pagsasabi ng hari ng duplo na nawawala ang alaga niyang ibon at hindi malaman kung sino ang kumuha. Dito magsisimula ang pagtatalo bilang pagtatanggol sa sarili o pagtatanggol ng belyako sa belyakang napagbibintangan. Kapag natalo sa pangangatuwiran ang belyaka o belyako, maparurusahan siyang magdasal para sa kaluluwa ng yumao. Sa larong ito, makikita ang husay sa pangangatuwiran ng mga belyako at belyaka.

Mga katawagan sa duplo:

1. Duplero at duplera – mga babae at lalaking sumasali sa duplo

2. Belyako at belyaka – mga babae at lalaking kasali sa duplo
3. Palmataria – pamalo na karaniwan ay isang paang tsinelas na sumasagisag sa hari
4. Tribulacio – hari ang unang nagsasabi ng salitang ito na ang ibig sabihin ay tumahimik na ang lahat upang makapagsimula na ang duplo
5. Numeracion – pagbibilang na ginagawa upang matiyak ang dami ng bilang ng mga kalahok

Ang Dulang Tagalog, FB Sebastian
Bede's Publishing House, 1951

C. KONGKLUSYON

Magpapangkat sa dalawa ang buong klase at magsusulat sila ng iskrip ng duplo na itatanghal sa klase.

Pangkat 1: Pag-uusapan ng pangkat na ito ang nawawalang pusa na alaga ng reyna.

Pangkat 2: Pag-uusapan ng pangkat na ito ang nawawalang ulam sa pinggan ng hari.

Rubric sa Pagtatanghal ng Duplo (Maaaring baguhin ng guro)

Pamantayan	Lubos na sumasang-ayon	Sang-ayon	Hindi gaanong Sumasang-ayon	Hindi Sumasang-ayon
May tugma ang duplo				
Wasto ang bigkas ng mga salita				
May wastong damdamin sa pagbigkas ng mga salita				
Nailalahad ng maayos ang mga katuwiran				
Nailalahad ng malinaw ang mga katuwiran				
Maayos ang daloy ng pagtatanghal				

Pagkatapos ng pagtatanghal, sasagutan ng bawat mag-aaral ang sumusunod. Ipalihanag sa mga mag-aaral na kailangang sagutin nila ito ng matapat at naaayon sa kanilang damdamin tungkol sa aralin at sa itinanghal ng klase:

1. Naaliw ako sa ginawang pagtatanghal sapagkat _____.

Various online tools which make teaching and learning richer
and more meaningful are just a few clicks away!

2. Mahirap palang magpaliwanag ng saloobin lalo na kung _____.
3. Gustong-gusto ko ang ginampanan kong papel bilang _____ sapagkat _____.
4. Hindi ko nagustuhan ang _____ sapagkat _____.
5. Natuto akong _____.

PAGTATAYA

Dyad ang tawag sa gawaing ito. Hahanap ng kapareha ang bawat mag-aaral at pag-uusapan nilang dalawa ang tanong na nasa ibaba. Pagkatapos ay isusulat sa kalahating papel ang kanilang napagkasunduang sagot at paliwanag. Tandaan na walang maling sagot ngunit hindi ito sasabihin sa klase upang magsikap silang gawing makatuwiran ang kanilang paliwanag.

Tanong: Sumasang-ayon ka ba sa katuwiran ng belyakong nagsasakdal? Bakit?

Unang Markahan Baitang 8

Supplemental Lesson Plan 2

Aralin 2: Pag-unawa sa Paggamit ng Sanhi at Bunga Okey Sa 'yo Si Eric, 'Tay? ni Pat Villafuerte

A. PANIMULA

1. Bago magsimula ang araling ito, naibigay na bilang takdang-aralin ang pagbabasa ng akdang Okey Sa 'yo Si Eric, 'Tay? ni Pat Villafuerte.
2. Mahalagang nahati na rin sa apat na grupo ang buong klase at napagbilinan na silang magdala ng mga lumang babasahin at isang buong *manila paper* o lumang kalendaryo, pandikit, gunting, at krayola.
3. Sa pagsisimula ng talakayan, tatanungin ang klase kung ano ang masasabi nila sa mga anak na marunong sumunod sa payo ng mga magulang at kung ano sa palagay nila ang mangyayari sa mga anak na suwail.

B. KATAWAN

1. Pagpapalawak ng Talasalitaan

Piliin sa Hanay B ang kahulugan ng mga pariralang nasa Hanay A.

(Maaaring isulat ng mga mag-aaral sa papel ang kanilang sagot at magpalitan ng papel sa pagwawasto.)

- | A | B |
|--|--------------------------------|
| 1. Di makatinag | a. tumalab sa buong katawan |
| 2. Pinitpit na luya | b. di makagalaw o di makakilos |
| 3. Agap na pagsagot | c. hindi makapaniwala |
| 4. Tumagos hanggang sa kaliit-liitang himaymay | d. mabilis na pagsagot |
| 5. Namamalik-mata | e. hindi makapagsalita |

Pamantayang Pangnilalaman:

Naipamamalas ng mga mag-aaral ang kakayanang makita ang ugnayan ng sanhi at bunga sa pamamagitan ng wastong paggamit ng pangatnig.

Pamantayan sa Pagganap:

Nakapagbibigay ang mga mag-aaral ng mga halimbawang pangungusap na gumagamit ng pangatnig.

Mga Kasanayang Pampagkatuto:

1. Naiisa-isa ang mga sanhi at bunga ng mga pangyayari sa akdang binasa
2. Naipaliliwanag ang mga sanhi at bunga ng mga pangyayari
3. Nagagamit ang mga hudyat ng sanhi at bunga sa mga pangyayari
4. Napauunlad ang kakayahang

Various online tools which make teaching and learning richer and more meaningful are just a few clicks away!

2. Pagtalakay sa Binasang Teksto

Bago magsimula ang araling ito, naibigay na bilang takdang aralin ang pagbabasa ng akdang Okey Sa 'yo Si Eric, 'Tay? ni Pat Villafuerte.

Okey sa 'Yo si Eric, 'Tay? ni Pat Villafuerte

“Okey lang,” sabi niya sa sarili. “Sino ba si Eric? Nobyo lang na hanggang ngayo’y nagdedepende pa rin sa magulang. Okey lang.”

Naghihimagsik ang kanyang damdamin. Parang sasabog ang kanyang dibdib. A, kung mapaghihingahan lamang niya ng sama ng loob ang mga libro. Kung malulutas lamang ng psychology books ang kanyang suliranin. Mangyari kahit anong pag-iwas ang kanyang gawin, si Eric pa rin ang laman ng kanyang isipan. Kahit ngayong nasa library siya. Wala sa sariling tinitigan ang hilera ng mga libro sa kabinet. Kanina’y memoryado niya ang call number ng librong hinahanap. Mangyari’y makalawang ulit na siyang nagpabalik-balik sa card catalogue. Isinulat sa kapisang papel ang call number, ang pamagat ng libro at ang may-akda. Minemorya. Pero nang malingunan kanina si Eric, kinabahan. Namutla. Di makatinag. Matigas ang leeg na itinuon ang paningin sa hilera ng mga libro. Nasa likuran niya si Eric, at sa minsang paggalaw niya, presto! A, bakit ba ganoon? Kung sino ang iniiwasan mo ay siya mong nakikita. Brag! Nahulog ang hawak niyang libro. Di naman niya makuhang pulutin. Baka lumingon si Eric.

“Gie!” tawag mula sa kanyang likuran. Kilala niya ang tinig. Bumilis ang tibok ng kanyang puso. Bago nakaiwas, nasa harapan na niya si Eric. Iniabot ang nahulog na aklat. “Namatanda ka ba? Naengkanto? Why don’t you speak up?” Hinahabol ni Eric ang paghinga. “Ang labo mo naman, Gie, library ‘to. Puwede mo naman akong kausapin, di ba?” Napalakas ang tinig ni Eric.

K-R-I-N-G! Bell iyon ng librarian. Napalingon sila sa mesa ng istriktong puno ng library. Itinuro ng librarian ang malaking sign board: SILENCE!

Napahiya wari, nagkatinginan sila. Si Gie ang unang umiwas. Pilit iniiwas ang mukha sa binata.

bumasa sa pamamagitan ng mga paghihinuha batay sa mga ideya o pangyayari sa akdang binasa

6. Nakapagpapahayag ng sariling palagay o kaisipan sa pamamagitan ng pagsasalita

Dati-rati sa ganoong pagkakataon, lalo nilang iniinis ang masungit na librarian. Naroong magsenyasan sila na animo mga piping nag-uusap. O di naman kaya'y tutop ng kaliwang palad ang kanilang bibig hanggang sa sila'y umalis. At sa labas, sabay silang magtatawanan. Pero ngayon, parang pinitpit na luya si Gie. Walang kibo, isang bakol pa ang mukha. A, kabisado na niya ang dalaga. Ang pagmamaktol nito'y nangangahulugang galit sa kanya si Gie.

"Huwag mo namang sirain ang araw ko, Gie. Nag-top pa naman ako kangina sa Chemistry. Kung galit ka, sabihin mo," garal ang tinig ni Eric. "Nainsulto ka ba ng sulat ko? Di mo matanggap ang Taglish na nakayanan ko? Alam kong English ang major mo. Anong magagawa ko? Math ang linya ko. At least, nasabi ko ang nasa loob nito," sabay turo sa kaliwang dibdib.

"Walang anuman ang pinagkakaganito ko. Nakatutulala lang kasi ang mga isinulat mo," ang sagot niya. "Akala mo ba'y ganoon lang kadali ang hinihiling mo?" "Pero di ka galit?"

"Hindi," agap niyang sagot.

"Talaga?"

"Ang kulit mo naman. Ito'ng katibayan," sabi ni Gie.

Bahagya niyang itinaas ang kanang kamay na abot balik. Tuwid ang mga daliring animo nanunumpa.

Talagang mapapasigaw si Eric sa malaking tuwa. Bigla, napalingon siyang muli sa librarian. Nagkibit-balikat.

Matamlay siyang kumakain. Napansin ito ng kanyang ina. "May dinaramdam ka ba, Gie?" may pag-aalinlangang tanong.

Umiling lang siya.

"Problema?"

Napatingin siya sa ina. Napatango.

"Baka matulungan kita."

"Kaya ko pa, 'Nay," basag ang kanyang tinig.

Nagkulong siya sa silid. Naupo sa gilid ng kama. Kinuha ang larawan ni Eric sa ibabaw ng tokador. Hinimas-himas. Hinagkan-hagkan. Naalala niya ang mga pagpapahayag ni Eric sa sulat. Matapat ang bawat kataga. Malaman. Punung-puno ng pag-ibig. Pero may matinding pagnanasa. Sa kabilang panig ng dinding ay naroon naman ang larawan ng kanyang ama.

Tandang-tanda niya ang nakasulat sa likod nito.

Everdearest daughter, at fifteen, you're too old to fall in love but young to plan a married life. Itay. Pinapirmahan pa niya ito sa ama bago ikinuwadro't isinabit sa dinding.

Noong una niyang mabasa ang dedication, napatawa siya. "Ang corny n'yo naman, Tay. Ang daming quotations na makokopya sa libro, nagtiyaga pa kayong gumawa ng orihinal."

"Corny ngayon sa 'yo, pero ilang taon pa'y poproblemahin mo," sagot ng kanyang ama.

Eighteen na siya ngayon. Tatlong taon pagkaraang sumakamay niya ang larawan. A, nagbibig-anghel ang kanyang ama. May kumakatok sa kanyang silid. Dagli, itinago niya ang larawan ni Eric sa ilalim ng unan. Bumungad ang masayang mukhang pinaganda ng dalawang malalalim na biloy.

“May problema raw ang prinsesa kong mahal,” bungad ng kanyang ama. Mangumpisal na at pag kaya kong lutasin ay maipag-bake mo ako.” “Ipagbe-bake ko na lang kayo, ‘Tay. Not serious naman, e. di pa pang-mental!”

“Tungkol saan?”

“Wala, ‘Tay,” nakangiting tugon sa ama.

“Allowance?”

“Nope!”

“Studies?”

“Of course, not. Scholar ‘ata ang bunso ninyo,” sabay irap.

“Bagong damit, sapatos...?”

“Lalong hindi. Aanhin ko ba ‘yan? Di ba naman ninyo ako pinapayagang dumalo sa party.”

“I give up. Di naman puwedeng tungkol sa iyong love life dahil alam kong mabait kang bata. Isa pa, kung tungkol diyan ay nasabi ko sa iyong sarilinin mo. I’m fed up. Di kaila sa iyo ang ginawa ng Ate Liza mo. Nagtanan ng sixteen, nag-anak ng seventeen, nakipaghiwalay ng nineteen. Busog naman sa pangaral,” napabuntunghininga ang kanyang ama. “Huwag na sanang maulit pa, Gie. Ikaw ang huling pag-asa.” Bukas ang electric fan pero parang kinukoryente ang buo niyang katawan. Tumagos hanggang sa kaliit-liitang himaymay ang sinabi ng kanyang ama.

“Pumikit ka. May gamot ako sa problema mong di mahulaan,” sabi ng kanyang ama. Pumikit siya. Kapag may problema siya’y lagi nang may “pakulo” ang kanyang ama.

Nagkukuwento ito ng nakatatawang pangyayari. O kung di ma’y pinasasalubungan siya ng mani o butong pakwan na gustung-gusto niyang kutkutin habang nagre-review sa gabi

“Chocolate, ‘Tay? Stateside pa,” bumulaga sa kanyang pagdilal. “Saan galing, ‘Tay? Don’t tell me, nagbebenta kayo ng PX goods.. Isusumbong ko kayo sa boss ninyo.” Karaniwang mensahero lamang ang kanyang ama sa isang booking office. “May nagregalo sa ‘kin, Kano. Nagpatulong buhatin ang ilang kahong idinilibera sa opisina,” sagot ng kanyang ama. “Bukod diyan, inabutan pa ‘ko ng beinte. O, idagdag mo sa allowance mo.” Ibig niyang tanggihan. Di pa ubos ang kanyang allowance at alam niyang higit na kailangan iyon ng kanyang ama. Ngunit naging maagap ang kanyang ama sa pag-abot.

DALAWANG araw niyang iniwasan si Eric. Di na siya nagpupunta sa library. Pakokopyahin lamang niya ng assignment si Meg, ipanghihiram siya ng librong kakailanganin. Di na rin siya nag-i-snack sa canteen. Sa malapit na restaurant na lamang siya nagmemeryenda. At gate sa likuran ang kanyang nilalabasan pag-uwian. Walang lingon-likod. Paparahin niya

ang unang dyip na makita. Sasakay agad. Lumuluwag lamang ang dibdib pag nakarating na ng bahay. Batid niyang di siya susundan ni Eric. Walang sundo, walang hatid. Lyon ang patakaran ng kanyang ama nang magkolehiyo siya, na sinusunod naman ni Eric.

Pero por dios por santo! Namamalikmata ba siya? Sino iyong lalaking nakatayo sa tapat ng kanilang gate? Hindi naman si Dustin Hoffman. At lalong di si Superman. Wala pa namang optic lens ang kanyang mga mata. Kaya di siya maaaring magkamali. Si Eric? Dios mio, siya nga! Ibig niyang iwasan pero... "Gie, ibig kitang makausap. Kahit 'sang saglit lang," nagsusumamo ang tinig ni Eric. "Bakit hanggang dito'y sinusundan mo 'ko? Nag-usap na tayo noon, di ba? Di ako galit sa 'yo."

"Pero bakit mo ako iniwasan? Anong atraso ko? Ayaw mong pasundo. Ayaw mong pahatid. Ayaw mo namang makipag-usap. Mabuti pa si Meg. Nauunawaan ako. Siya ang nagbigay sa 'kin ng address mo."

"Ano bang kailangan mo?" tanong niya.

"Ang sagot mo, Gie. Yes or no. Do you love me, Gie? Do you?"

"Ewan ko, Eric. Naguguluhan ako. Mahirap sagutin ang tinatanong mo. Di ako makapag-decide."

"Dahil mahal mo rin ako?" tanong ni Eric.

"S-siguro... Ewan."

"Tiyakin mo, Gie. Bakit kailangang itago mo ang nadarama mo? Mahal mo 'ko di ba?" Sa halip na sumagot, nagtatakbo siya. Pumasok sa bakuran. Itinulak ang pinto ng gate. Humahagulgol.

"Di ako aalis dito hanggat di mo 'ko sinasagot, Gie. Umulan sana. Bumagyo sana.

Tamaan sana ako ng kidlat. Para matapos na ang paghihirap ko. I love you, Gie... Gie..."

Tuluy-tuloy siya sa kanyang silid. Di na naisara ang pinto. Padapa siyang nahiga sa kama. Pinagsusuntok ang unan. A, kaytagal ding nilunod siya ng kanyang mga luha.

Lumangitngit ang kama. May humaplos sa kanyang buhok.

"Mahal mo siya, Gie?" kilala niya ang nagmamay-ari ng tinig. Nagbangon siya at hinarap ang ama.

"Ayokong mabigo kayo, 'Tay. Ayokong maging suwail sa inyo. Ayokong maging rebelde. Pero ano'ng gagawin ko? Kahit saan ako magpunta. Kahit ano'ng gawin ko'y siya ang laging nasa isipan ko. I love him, 'Tay. Really I do." Napahagulgol siya.

"Nagkakaganito ko, 'Tay, not because I love you less but because I love him more."

Isinubsob niya ang mukha sa balikat ng ama.

"Eighteen na 'ko, 'Tay. Alam ko na ang makabubuti para sa 'kin. Alam ko na ang limitations ng pakikipag-noby. Give me a chance to prove that I can be a complete woman."

"Kaya mo na ba?" tanong ng kanyang ama.

"Kaya ko na, 'Tay. Isa pa you're always around to guide me, di ba?"

"Syempre. What are fathers for? Basta't ang mahalaga'y maligaya ka." sagot ng kanyang ama. "Sa tinging ko'y okey siya. Nang nagsisigaw sa gate ay di ako nainis. Sa halip, natawa ako. Di ko akalaing may ganoon kagrabeng magmahal sa anak ko."

"Okay sa 'yo si Eric, 'Tay?"

"Ano pang magagawa ko? Anong pagpapatunay pa ang kailangan para malaman kong mahal ka niya? Sapat na 'yong nakita ko kangina, Gie."

Niyakap niya ang ama.

"Why don't you invite him nang magkakarap tayong tatlo. At the same time, makikilala ko pa siya nang lubusan. Huwag kang mag-alala, iha. Ituturing ko siyang di na rin iba. After all, ganoon din namang ang mangyayari. Bakit patatagalin pa natin."

"Talaga, 'Tay?"

"Mayroon bang di nasunod sa gusto ng bunso ko?" sagot ng kanyang ama. "Basta't magtapos muna kayo ng pag-aaral. At ibig ko, hanggang sa loob ng bahay ka niya ihahatid.

Hindi sa labas ng gate. Eighteen ka na yata. A complete woman, di ba?"

Niyakap niyang muli ang ama. Napahagulgol siya. Ngayo'y may halo nang paglalambing.

Pagtalakay sa binasang teksto:

- a. Sino-sino ang tauhan sa kuwento? Ilarawan sila.
- b. Ano ang problema ng pangunahing tauhan?
- c. Bakit pinoproblema ng pangunahing tauhan si Eric? Ano ang ginawa ni Eric?
- d. Paano nalutas ang problema ng pangunahing tauhan?
- e. Ano ang masasabi mo sa pamilyang kinabibilangan ni Gie?
- f. Ano ang masasabi mo kay Gie bilang isang anak?
- g. Ano ang masasabi mo sa paraan ng pakikitungo ng ama sa anak?
- h. Sa iyong palagay, ano kaya ang mangyayari kung hindi pumunta sa bahay nina Gie si Eric? Bakit mo nasabi?

3. Pagpapayaman

Pagtalakay sa SANHI at BUNGA

Ang ugnayan ng SANHI at BUNGA ay nagbibigay ng sagot sa tanong na bakit nangyari ang isang pangyayari. Halimbawa, bakit mataas ang grado ng mag-aaral kapag nag-aral siyang mabuti? O bakit nahihilo tayo kapag nalilipasan ng gutom?

Mga halimbawang maaaring ibigay ng guro:

- a. Maraming mga kabataan ngayon ang nalululong sa paglalaro ng *DOTA* (bunga) dahil masyado silang nahahatak ng hindi mabuting barkada (sanhi).
- b. Dahil sa patuloy na paglaganap ng ilegal na pagtotroso (sanhi), hindi na maiiwasan ang pagtindi ng tagtuyot at baha (bunga).

Paggamit ng PANGATNIG upang pag-ugnayin ang SANHI at BUNGA

Ang PANGATNIG ay mga salita o katagang ginagamit upang pag-ugnayin ang isang salita sa kapwa salita, parirala, at sugnay sa kapwa sugnay.

1. Pandagdag/Adisyon – nagsasaad ito ng pagdagdag ng impormasyon. Ang mga pangatnig na ito ay at, saka, at pati.
2. Pagbibigay-eksepsyon – nagsasaad ito ng pagbubukod o paghihiwalay. Ang mga pangatnig na ito ay maliban sa, bukod kay/kina, puwera, huwag lang, at kundi lang.
3. Paglalahad ng Sanhi/Dahilan – pinag-uugnay nito ang lipon ng mga salita upang magbigay ng katuwiran. Ang mga pangatnig na ito ay dahil sa, sapagkat, palibhasa, kasi, at mangyari.
4. Paglalahad ng Bunga/Resulta – nagsasaad ito ng kinalabasan o kinahinatnan. Kabilang dito ang mga pangatnig na kaya, tuloy, bunga nito, at kaya naman.

PANGKATANG GAWAIN

Hatiin sa limang grupo ang klase. Pag-usapan at gawin ang sumusunod na gawaing nakabase sa itinakdang babasahin. Isang grupo para sa bawat isang tanong. Maaaring dagdagan ng tanong ang bawat grupo.

1. Isulat ang sanhi at bunga ng sumusunod na mga pangyayari sa kuwento sa nakahandang tsart.
2. Ibahagi sa klase ang napag-usapan ng bawat grupo.

	Pangyayari	Sanhi	Bunga
1.	Pag-iwas ni Gie kay Eric sa library		
2.	Pag-iwas ni Gie kay Eric paglabas sa eskuwelahan		
3.	Pag-iyak ni Gie sa loob ng kanyang silid		
4.	Pagsigaw ni Eric sa may <i>gate</i> ng bahay nina Gie		
5.	Pag-uusap ni Gie at ng kanyang tatay		

4. Paggpapalawig

- a. Magsasama-sama ang magkakagrupo at sa pamamagitan ng mga dala nilang lumang kalendaryo o *manila paper*, gunting, mga lumang babasahin, at pandikit, gagawa ang bawat grupo ng *collage* na nagpapakita sa kahalagahan ng pagsunod sa mga payo ng magulang.
- b. Pagkatapos ng pagbuo ng *collage* ay ipakikita ng bawat grupo sa klase ang kanilang ginawa at ipaliliwanag ang kahulugan ng mga ito.

C. KONGKLUSYON

Talakayan sa Klase:

Mahalagang kaugaliang Pilipino ang pagsunod ng mga kabataan sa mga payo ng kanilang mga magulang. Sa ganitong paraan, naihahanda ng mga magulang ang magandang kinabukasan para sa kanilang mga anak. Sa kabilang banda, nakabubuti

rin sa mga anak ang pagsunod sa payo ng mga magulang dahil nakakatulong ito sa pagpapatibay ng kanilang tiwala sa sarili at pagbubuo ng mga desisyong mahalaga sa kanilang buhay.

Sa bahaging ito, magkakaroon ng bukas na talakayan ang buong klase tungkol sa isyung siya ring kinaharap ni Gie sa maikling kuwentong binasa. Ipahahayag ng bawat mag-aaral ang kanilang mga opinyon at damdamin tungkol sa isyu. Mahalagang ipaalala sa klase na walang maling sagot sa talakayan. Ang mahalaga lamang ay maipaliwanag ng mabuti ng nagsasalita ang kanyang opinyon.

Mga Gabay na Tanong sa Talakayan:

1. Naniniwala ka ba na makabubuti sa kabataan ang pagsunod sa mga payo ng magulang? Ipaliwanag mo ang iyong sagot.
2. Ano ang kabutihan ng pagtatapat ng mga problema sa magulang?
3. Ano ang kahalagahan ng kuwentong binasa sa kasalukuyang panahon?

PAGTATAYA

Panuto: Salungguhitan ang pangatnig sa sumusunod na mga pangungusap at isulat sa unahan ng bilang kung anong uri ito ng pangatnig.

- _____ 1. Maraming kabataan ngayon ang maagang nagsisipag-asawa dahil sa kapusukan nila.
- _____ 2. Naghihigpit ang mga magulang sa mga anak na babae. Bunga nito, natututong magrebelde ang ilan sa kanila.
- _____ 3. Kadalasan, ingat na ingat ang mga magulang sa anak nilang babae na palibhasa'y parang ginto ang tingin nila sa kanilang mga anak.
- _____ 4. Kailangan ang pagsubaybay ng mga magulang sa mga kabataan ngayon sapagkat malala na ang paglaganap ng droga sa bansa.
- _____ 5. Napirmahan na ang RH Bill kaya maraming mga magulang ang natutuwa.
- _____ 6. Karamihan sa mga pari at saka madre ay kontra sa RH Bill.
- _____ 7. Kailangang talakayin sa asignaturang Sibika ang RH Bill maliban pa sa asignaturang Health.
- _____ 8. Pinanindigan ng pamahalaan ang pangangailangan sa RH Bill mangyari'y patuloy na tumataas ang bilang ng mga batang hindi kayang pag-aralin ng kanilang mga magulang.
- _____ 9. Maraming batang kalye ang nagkalat sa lansangan at namamalimos sa loob ng dyip.
- _____ 10. Dumarami ang mga babaeng pinagsasamantalahan kaya naman marami ang humihiling na ibalik ang parusang kamatayan.

Mga Sagot:

1. paglalahad ng sanhi, dahil
2. paglalahad ng bunga, bunga
3. paglalahad ng sanhi, palibhasa
4. paglalahad ng sanhi, sapagkat
5. paglalahad ng bunga, kaya
6. pandagdag, saka
7. pagbibigay-eksepsyon, maliban
8. paglalahad ng sanhi, mangyari
9. pandagdag, at
10. paglalahad ng bunga, kaya

Unang Markahan Baitang 8 Supplemental Lesson Plan 3

Aralin 3: Paggamit ng Pangatnig

Ang Itinakwil ni Genoveva Edroza Matute

A. PANIMULA

Magkukuwento ng isang anekdota tungkol sa sariling pamilya o tungkol sa isang napanood na pelikula o nabasang aklat tungkol sa isang pamilya.

Maaari ding simulan ang aralin sa pamamagitan ng pagpapanood ng isang pelikulang Pilipino tungkol sa pamilya.

Pagkatapos ng pagpapanood, mahalagang maiproseso ang ginawa ng klase.

Mga Gabay na Tanong:

1. Ano ang buod ng pelikula? (Maaaring magtawag ng mga mag-aaral upang ibuod nila ang pelikula.)
2. Ano ang paksa ng pinanood na pelikula?
3. Ano ang pinakagusto mong eksena sa pelikula? Bakit?
4. Ano ang pinakaayaw mo? Bakit?
5. Anong mga pangyayari sa pamilya ang ipinakita ng pelikula?
6. Ano ang gustong sabihin ng pelikula tungkol sa buhay ng mga Pilipino?

B. KATAWAN

1. Pagbasa

Bibigyan ng panahon ang mga mag-aaral na tahimik na basahin ang kuwentong Ang Itinakwil na isinulat ni Genoveva Edroza Matute. Magtatakda kung gaano katagal ang oras na ilalaan ng mga mag-aaral sa pagbabasa ng kuwento.

Pamantayang Pangnilalaman:

Naipamamalas ng mga mag-aaral ang kasanayang gamitin ang pandiwa sa iba't ibang aspekto.

Pamantayan sa Pagganap:

Nakapagbibigay ang mga mag-aaral ng mga halimbawang pangungusap na may wastong paggamit ng mga pangatnig.

Mga Kasanayang Pampagkatuto:

1. Naiuugnay ang mga kaisipang nakasaad sa binasang akda sa mga pakikipag-ugnayan sa kapwa at sa pamilya
2. Nagagamit nang wasto ang mga pangatnig sa pagbibigay ng opinyon tungkol sa binasang akda

Ang Itinakwil
ni Genoveva E. Matute

Sa aming pook, si Mrs. Edita Sodamo ang may pinakamataas na lipad. Ang asawa niyang dentista ay may mababang-loob, ngunit walang nagpapagamot sa kanya dahil sa kataasang pananalita ng asawa at sa nanunukat nitong pagtingin mula ulo hanggang paa ng kapwa.

Sa tatlong anak nila, dalawa ang naihanap ni Edita ng mga lalaking sa palagay niya ay maipagkakapuri, titulado, at may maririwasang kabuhayan.

Ang panganay na si Emeline ay nakaisang-dibdib ng isang manananggol. Ang pangalawang si Emily ay nakipagtali sa isang matagumpay na mangangalakal. Ang bunsong si Ethel ay inihahanda ni Mrs. Sodamo sa bunsong anak ng isang doktor espesyalista na may malaking bahaging puhunan sa pangunahing pagamutan sa Maynila.

Pinakamaganda sa tatlong magkakapatid si Ethel. Ngunit kakaiba sa dalawa niyang kapatid, siya ang may sariling paninindigan. Hindi niya naiibigan ang pakikialam ng ina sa pagpili ng mga nais niyang manugang.

“Ma,” sabi ni Ethel, isang gabi, “bakit ninyo ako ipina-partner sa lalaking iyon?”

“Kay Reggie? Bakit, ano’ng reklamo mo kay Reggie? Magandang lalaki, solong anak, mayaman at patay na patay sa iyo!”

“E, sa kung hindi ko siya gusto, Ma?”

“Ha? Ano pa ang hahanapin mo sa isang lalaki, aber?”

“Wala na siguro, Ma, maliban sa hindi siya ang nararamdaman kong gusto ko!”

“At sino ang nararamdaman mong gusto mo? Ang puppy love mo noon pa? Ang sampung-kahig isang-tuka mong naging kaklase noong araw? Huwag kang loko, Ethel!”

“Si Ma, kung magsalita! Kaibigan ko lang si Sinong hanggang ngayon!”

3. Nakapagsusulat ng mga kaisipang angkop sa kasalukuyang kalagayan
4. Naililista ang mga katangian ng tauhan sa bubuuing maikling kuwento

“Kalimutan mo na ang patay-gutom na iyon. Buksan ang mata mo at isip sa kasalukuyan, gumaya ka sa iyong mga kapatid!”

“Hindi patay-gutom si Sinong, Ma. Nakatapos din ng pag-aaral na gaya ko. May trabaho ring...”

“Trabaho? Anong trabaho? Empleyadong minimum wage? Samantalang si Greggie ay...”

“Alam ko na, Ma,” hadlang ng anak.

“Huwag kang loko, sinasabi ko lang sa iyo! Mawawalan ka ng ina pag nagkataon!”

“Si Ma naman, kung magsalita!”

Lubusan ang kasiyahan ni Mrs. Sodamo sa mga anak na sina Emeline at Emily, gayundin sa mga napangasawa nilang manananggol at mangangalakal. Pati balae at kilalang balae ay madalas sa malaking bahay ng mga Sodamo.

Hanggang lumipas ang maraming taon. Hanggang sa aming pook ay lalong nangilag sa kanila ang mga tao.

“Kumusta naman, Balae, ang bunso mo?” tanong ng ina ng manananggol.

Naglapat ang mga bagang ni Edita Sodamo.

“Wala akong anak na bunso. Dalawa lang anak ko!”

“Hindi ba si Ethel ang bunso mo?” tanong ng isa pa.

Lalong naglapat at tumigas ang kanyang bagang.

“Wala akong anak na Ethel!”

Naalala ng dalawang nagtanong na si Ethel nga pala, ang bunso sa magkakapatid ay nag-asawa sa isang “walang-wala.” Ni hindi nakatuntong sa malaking bahay, mula noon.

“Hindi nagkikita ang mag-ina? At ang magkakapatid?”

“Talagang hindi! Ang ama lamang yata ang lihim na nagsasadya sa inuupahang kuwarto ng mag-asawang Ethel at Sinong.”

“Kawawa rin naman, ano?”

“Pasensiya siya! Nasa katre na, lumipat pa sa sahig na kawayan!”

“Gano’n yatang talaga ang sinasabing pag-ibig!”

“Siguro nga! Pero sa ‘kin kalokohan iyon! Biro mo, samantalang masarap na masarap ang buhay ng kanyang mga kapatid, sagana sa lahat, pati sa alila... siya ay ano?”

“Siya ang lahat: maglaba, magluto, maglinis ng kuwartong inuupahan, mag-alaga ng anak, maghanapbuhay pa... ay naku, siyena na iyang pag-ibig!”

“Baka naman inaabut-abutan ng amang dentista...”

"Ano ang iaabot? Wala namang nagpapagamot sa dentistang iyon... saka sakit din daw ng sakit."

"Natitiis din naman ni Balae, ano?"

"Ibang klase si Balae e! Matigas pa sa bato ang kalooban!"

"Pati ba ang manugang natin natitiis din ang kapatid na bunso?"

"Sa tingin ko kina Emeline at Emily, wala silang paki... panay lang ang pagpapasarap!"

"Oo nga ano? Kung saan-saan nagbabakasyon!"

"At kung mamili sa mga supermarket, walang patumangga!"

"Sunud-sunuran naman kasi mga anak natin..."

"Magbalik ako sa mag-inang Edit at Ethel... talaga kayang hindi na magkakabalikan ang mga iyon, ha?"

Mga ilang taon pa ay napapansin nilang may kakaiba yatang sakit na dumarapo sa kanilang balae.

Kinausap nila ang dentistang si Dr. Sodamo. Ayon dito, napatingnan na raw niya si Edit. Sabi ng manggagamot ay may Alzheimer's disease iyon.

"Iyon ba ang tinatawag nating pag-uulian?"

"Hindi ba mas matindi raw iyon. Hindi lang nakakalimot. Kung minsa'y nagsisigaw raw na parang bata. Tinatawag ang mga kasamahang matagal nang nangamatay. Pero may mga lucid moments daw naman."

Napag-usapan ng mga balaeng babae't lalaki ang tungkol sa Alzheimer's disease.

Bagong sakit daw iyon na hindi pa natutuklasan kung ano ang makagagamot. Parang kanser. May matitindi ang sumpong, may hindi naman.

Ang dumapo kay Edit Sodamo ay matindi; bihirang-bihira ang saglit na nakakakilala siya. Ipinasok na siya sa pagamutan, ngunit nagpilit magpalabas.

Sa bahay, kumuha ang asawa ng special nurse. Hindi ito nagtagal at nagpaalam pagkatapos ng isang buwan.

Pati ang caretaker na sumunod ay hindi nagtagal.

Sa isang saglit ng malinaw na pag-iisip, narinig ni Dr. Sodamo na hinahanap ng asawa ang dalawang anak.

"Nasaan si Emeline? Wala ba si Emily?"

Kinausap ng ama ang dalawa.

"Pa," tutol ni Emeline, "ayoko! Natatakot ako sa Mama pag sinusumpong. Ikuha mo na lang ng nurse o caretaker at bayaran mo ng perang ibibigay ko sa iyo!"

“Naku, Pa,” sabi ni Emily, “ngayon pang magra-round-the-world trip kami ng asawa ko? Saka, hindi ko kayang mag-alaga sa ganong sakit!”

Kaya ang nagtiyaga na lamang sa pag-aalaga kay Edit ay ang asawang dentista at ang maminsan-minsang nurse o caretaker na hindi nagtatagal.

Sa minsang pagkikita ng mag-amang dentista at Ethel ay nabatid ng huli ang tungkol sa karamdaman ng ina.

May nagpaligo kay Edit. Makakapal na palad marahang nagsabon at nagbanlaw sa kanya. Pinatuyo siya sa maingat na pagdapyo ng malambot na tuwalya. Yapos siyang inihatid sa hihigan.

Madilim ang kanyang isipan. Pati paningin. Hindi niya kilala ang nagpaligong iyon sa kanya.

Nakatulog siya nang mahimbing. Kasabay ng kanyang paggising ang saglit ng maliwanag na kaisipan.

Kinawayan niya ang asawang dentista.

“Ikaw ba ang nagpaligo sa akin kangina?”

“Hindi, Edit.”

“Sino?”

Umiwas ang paningin sa kausap.

“A, e...e...bagong nurse.”

“Iyon sanang palagi ang makuha mo.”

“Aba, oo... oo. Bakit, Edit, nagustuhan mo ba siya?”

“Oo... mabait e... magaang humaplos ang kamay... kahit ang kapal ng mga palad.”

Ngunit patuloy ang lupit ng Alzheimer’s sa kanya.

Kung paano patuloy ang araw-araw na pag-aalaga ngayon kay Edit ay mabait, magaang humaplos ang makapal na palad... ng nurse ba iyon o caretaker?”

At isang araw...

Samantalang binabalot na siya ng malinis at malambot na tuwalya ng nagpaligo, dinalaw siya ng saglit na Liwanag.

“Hindi ka nurse! Ethel?”

Inagaw ng salita ng asawang dentista.

“Walang nurse ang magtatagal dito, Edit! Si Ethel iyan... at si Sinong! Matagal ka na nilang inaalagaan!”

“Ethel, anak ko!... Anak ko! Napalungayngay ang maysakit.

Yinapos at dinala ni Sinong si Edit sa hihigan.

Humagulgol ng panangis si Edita Sodamo.

“Ethel, anak ko!... Sinong!”

“Huwag kang umiyak, Ma,” at hinalikan ang pisngi ng ina.

Tinuyo ang kanyang mga luhang namamalisbis. Binuksan ng dentista ang bintana ng silid ng maysakit. Sabay pumasok ang sinag ng araw at ang dapyo ng amihan.

Munting tinig ng isang pipit ang marahang umawit, kapanabay ang sinag ng araw at ang dapyo ng amihan.

“Ma, huwag kang umiyak! Gagaling ka! May awa ang Diyos, gagaling ka!”

2. Pagpapalawak ng Talasalitaan

Ibigay ang kahulugan ng sumusunod na mga salita. Isulat sa kuwaderno ang kahulugan ng pangungusap, at gumawa ng pangungusap gamit ang salita.

Magpapalitan ng kuwaderno ang magkatabing mag-aaral para sa pagwawasto ng mga salita. Maaaring idikta ang tamang sagot o itatanong sa mga mag-aaral ang kanilang sagot.

1. mababang-loob
2. paninindigan
3. patay-gutom
4. nanunukat na pagtingin
5. titulado
6. matigas ang kalooban
7. makakapal na palad
8. magaang humaplos
9. namamalisbis
10. dapyo

3. Kasanayang Pampanitikan

Maaaring pangkatin ang mga mag-aaral at hahatiin sa kanila ang sumusunod na mga tanong. Magtatakda ang bawat grupo ng isang lider na siyang mamumuno sa pag-uulat ng mga napag-usapan ng grupo tungkol sa tanong na ibinigay sa kanila.

Mga Gabay na Tanong:

1. Sino-sino ang tauhan sa maikling kuwento? Ilarawan ang bawat isa sa kanila.
2. Paano pinaghahandaan ni Gng. Sodamo ang kinabukasan ng kaniyang mga anak na babae?
3. Sino sa mga anak niya ang sumuway sa kaniyang kagustuhan? Tama ba ang kaniyang ginawa? Ipaliwanag ang iyong sagot.

4. Bakit walang nagpapagamot kay Dr. Sodamo?
5. Ano ang nangyari kay Gng. Sodamo? Sinuportahan ba siya ng mga anak na ipinagmamalaki niya? Bakit?
6. Bakit walang nagtatagal na tagapag-alaga si Gng. Sodamo? Ano ba ang sakit niya? Ano ang nangyayari sa taong may ganitong sakit?
7. Sino sa mga anak niya ang nagpadama ng pagmamahal sa kaniya? Paano ito naramdaman ni Gng. Sodamo?
8. Kung ikaw ang sumulat ng kuwentong ito, anong pamagat ang ilalagay mo? Anong sakit ang ibibigay mo sa tauhan? Bakit?
9. Magbigay ng sariling repleksiyon tungkol sa karanasan ng pamilya ni Gng. Sodamo.

4. Pagpapayaman

Paglikha ng Tauhan sa Maikling Kuwento

Isang magandang ideya na unahing buuin ang tauhan sa pagsusulat ng maikling kuwento kaysa sa pagbubuo muna ng banghay. Mahalagang malaman muna ng manunulat kung anong klaseng tauhan ang mabubuo niya, kung anong kapalaran ang magaganap sa tauhan, kung saan siya nakatira, paano siya nabubuhay, paano siya makipamuhay, o kung ano ang gagawin ng tauhan.

Ang talambuhay ng tauhan ang magtatakda kung ano ang mga problema, hamon, o tunggalian na kakaharapin niya at kung paano niya ito haharapin. Ito rin ang magtatakda kung paano siya maghahanap ng mga solusyon at kung anong solusyon ang pipiliin niya.

Gamit ang tsart sa ibaba, suriin ang mga tauhan sa binasang maikling kuwento:

Pangalan ng Tauhan	Paglalarawan sa Tauhan	Ginawa ng Tauhan
Dr. Sodamo		
Gng. Sodamo		
Ethel		
Iba pang mga Anak		

5. Pagpapalalim

Paggamit ng Pangatnig Upang Ilarawan ang mga Pangyayari

Ang pangatnig ay mga salita o katagang ginagamit upang pag-ugnayin ang isang salita sa kapwa salita, parirala, at sugnay sa kapwa sugnay.

1. Pagbibigay-layunin. Nagsasaad ito ng layunin o hangarin. Kabilang dito ang mga pangatnig na upang, sa ganoon/gayon, nang, at pa.
2. Pagbibigay-kondisyon. Nagsasaad ito ng kondisyon o pasubali. Kabilang dito ang mga pangatnig na kapag, kung, sakaling, sandaling, at basta.
3. Pagbibigay-kongklusyon. Nagsasaad ito ng panghuling pananaw o opinyon. Kabilang dito ang mga pangatnig na samakatuwid, kung kaya, kaya, kung gayon, at anupa't.
4. Pagsalungat. Nagsasaad ito ng pag-iiba, pagkontra o pagtutol. Kabilang dito ang mga pangatnig na pero, ngunit, sa halip, datapwat, at subalit.
5. Pagpapatotoo. Nagsasaad ito ng pagpapatunay. Kabilang dito ang mga pangatnig na sa totoo lang at sa katunayan.

Seatwork:

1. Maghanap ng 10 mga pangungusap sa binasang maikling kuwento na gumagamit ng mga pangatnig.
2. Isulat ito sa kuwaderno.
3. Salungguhitan ang mga pangatnig at isulat kung anong uri ito ng pangatnig.

C. KONGKLUSYON

Lumikha ng tauhang gagamitin sa isang maikling kuwento.

1. Pumili ng kapareha at pag-usapan ang mga katangian at itsura ng tauhang gagawin.
2. Ilista sa kuwaderno ang mga napag-usapan.
3. Pag-usapan rin kung ano ang mangyayari sa tauhang ito, ano ang mga problemang haharapin niya, at kung paano niya haharapin ang mga iyon.
4. Pipili ng mga magkaparehang magbabahagi ng tauhang kanilang nabuo.
5. Maaaring magbigay ng opinyon o mungkahi ang mga kaklase tungkol sa tauhan.

Unang Markahan Baitang 8

Supplemental Lesson Plan 4

Aralin 4: Pagbubuo ng Banghay ng Maikling Kuwento Ang Itinakwil ni Genoveva Edroza Matute

A. PANIMULA

Ang panimulang ito ay magsisilbing balik-aral sa nakaraang aralin tungkol sa mga pangatnig at pagbubuo ng tauhan sa maikling kuwento. Maaaring magtawag ng mga mag-aaral upang muling ipabuod sa kanila ang maikling kuwentong “Ang Itinakwil.” Maaari ding magtanong tungkol sa mga tauhan, o kung ano ang sarili nilang pananaw tungkol sa mga inasal ng mga tauhan sa kuwento.

B. KATAWAN

1. Pagpapalalim

Sa nakaraang aralin, tinalakay kung paano binubuo ang tauhan sa maikling kuwento. Ang pagkilos ng mga tauhan sa maikling kuwento ay nakikita sa pamamagitan ng banghay. Magkaugnay ang tauhan at ang banghay. Sa pamamagitan ng banghay, makikita natin kung paano umuusad ang kuwento ng tauhan. Banghay ang tawag sa daang tatahakin ng mga tauhan. Dito makikita ang mga bagay na magtutulak sa kanya upang gawin ang desisyon o pangyayaring magaganap sa kanya sa katapusan ng kuwento.

2. Pagpapayaman

Pipili ng kapareha ang magkakaklase at pag-uusapan nila at sasagutin ang mga tanong na nakalista sa ibaba. Maaaring muli nilang basahin ang kuwento upang makatiyak sila na tama ang kanilang sagot.

Pipili ng mga magkaparehang magbabahagi ng kanilang pinag-usapan sa klase. Maaari ding magbigay ng mga rekomendasyon o opinyon ang iba pang mga kaklase tungkol sa ulat ng magkapareha.

Pamantayang Pangnilalaman:

Naipamamalas ng mga mag-aaral ang kasanayang bumuo ng banghay ng maikling kuwento.

Pamantayan sa Pagganap:

Nakapagsusulat ang mga mag-aaral ng isang maikling kuwento batay sa pinag-usapang paraan ng pagbubuo ng banghay.

Mga Kasanayang Pampagkatuto:

1. Naiuugnay ang mga kaisipang nakasaad sa binasang akda sa mga pakikipag-ugnayan sa kapwa at sa pamilya
2. Nagagamit nang wasto ang mga pangatnig sa pagbibigay ng opinyon tungkol sa binasang akda
3. Nakabubuo ng banghay ng maikling kuwento sa pamamagitan ng *graphic organizer*


Mga Gabay na Tanong para sa mga Magkapareha:

1. Sino ang pangunahing tauhan sa kuwento?
2. Saan nakatira ang pangunahing tauhan?
3. Kailan nangyari ang kuwento?
4. Ano ang gustong mangyari ng mga tauhan sa kuwento?
5. Ano ang mga nangyari sa mga tauhan sa kuwento?
6. Ano ang wakas ng kuwento?
7. Bakit ito ang naging wakas ng kuwento?
8. Ano ang pinakagusto mong pangyayari sa kuwento?
9. Ano ang pinakaayaw mong nangyari sa kuwento?

3. Pagpapalalim

1. Sabihin sa mag-aaral na balikan ang tauhang nabuo sa naunang aralin. Pagawan ng banghay ang kuwento ng tauhang ito.
2. Ang magkapareha na ang magdedesisyon kung anong paksa ang gusto nila para sa kanilang bubuuing kuwento.
3. Mas makabubuting ang magkaparehang bumuo ng tauhan din ang magkasama sa pagbuo ng banghay.
4. Ibabahagi ng magkapareha sa klase ang nabuo nilang *graphic organizer*.

Sundin ang *graphic organizer* sa ibaba na makatutulong sa mas malinaw at maayos na daloy ng mga pangyayari sa susulating kuwento:



C. KONGKLUSYON

Ipasulat ang maikling kuwento at basahin ito sa harap ng klase. Ang pagsusulat ay paglalaanan ng mas mahabang panahon upang maging mas maayos at masinop ang pagsusulat ng magkapareha.

Pagtataya:

Sumulat ng maikling sanaysay na may dalawa hanggang tatlong talata na nagsasabi ng reaksiyon o opinyon tungkol sa maikling kuwentong binasa. Gumamit ng mga pangatnig na pinag-usapan sa nakaraang aralin. Guhitan ang mga pangatnig at sabihin kung anong uri ng pangatnig ang mga ito.

Unang Markahan Baitang 8

Supplemental Lesson Plan 5

Aralin 5: Mga Ponemang Suprasegmental

Ang Karagatan ni Tomas Onggoco

A. PANIMULA

Pagsasama-samahin ang mga babae at lalaki sa klase at pag-uusapan nila ang tungkol sa panliligaw.

Pag-uusapan ng mga babae ang paraan ng panliligaw na ginagawa sa kasalukuyan. Pag-uusapan naman ng mga lalaki ang paraan ng panliligaw na ginagawa noon.

Pagkatapos ng oras na itinakda, ibabahagi ng dalawang grupo ang kanilang pinag-usapan sa pamamagitan ng isang tagapag-ulat na pinili ng grupo.

Pagkatapos ng pag-uulat ng dalawang grupo, maaaring magkaroon ng talakayan at magbigay ng opinyon ang mga kaklase tungkol sa kung alin sa dalawang panahon ng panliligaw ang mabisa at bakit nila nasabi iyon.

B. KATAWAN

1. Pagbasa

Ang babasahing ito ay nauna nang gawing takdang aralin ng mga mag-aaral kaya ang gagawing pagbasa ay mabilis na lamang upang magkaroon ng pagkakataon ang mga mag-aaral na balikan ang babasahin kung sakaling hindi nila ito natapos o rebyuhin ang kanilang binasa.

Maglalaan ng takdang haba ng oras para sa gawaing ito.

Pagkatapos ng takdang oras ng pagbasa, maaaring tumawag ng ilang mag-aaral upang magbigay ng buod ng kanilang binasa.

Pamantayang Pangnilalaman:

Naipamamalas ng mga mag-aaral ang kakayanang makilala ang kahulugan ng mga salita sa pamamagitan ng tono at diin sa pagbigkas.

Pamantayan sa Pagganap:

Nakapagbibigay ang mga mag-aaral ng mga halimbawang pangungusap na gumagamit ng mga ponemang suprasegmental.

Mga Kasanayang Pampagkatuto:

1. Naipaliliwanag ang mga katangian ng ponemang suprasegmental
2. Nagagamit nang wasto ang mga ponemang suprasegmental sa pagpapahayag ng sariling saloobin o opinyon
3. Naipaliliwanag ang mahahalagang tema at paksang nakapaloob sa binasang akda

Ang Karagatan ni Tomas C. Ongoco

May isang tindahan na nakalagay ang mga paninda, mga garapon ng pagkain at mga de-bote. May dalawang dalaga at apat na binata na nasa pondahang ito at nasa paligid ng mesa. Maraming tao sa paligid. Isang matandang lalaki ang lalapit sa ponda.

Tandang Terong: Hmm... tila matagal nang nakasalang ang sinaing ay di pa ginagatungan.

Isang Manonood: Kailangang gatungan ang sinaing nang maluto't tayo'y makakain.

Maring: Ang kahoy na panggatong kaya di masindihan ay higit na marami ang nasa kalan kaysa kailangan.

Isa pang Manonood: Tama si Maring. Ang isa'y malungkot kaya naghahanap; dalawaha'y angkop at siyang anong sarap; ngunit pag nagtatlo'y isa na ang kalabisan

Kung di matiyak ni Neneng kung sino sa kanila ang kakausapin, mga kanayon, ano ang kailangan?

Lahat: Tanging paraa'y ang karagatan.

Tandang Terong: Ayos ka na ba, Neneng?

Neneng: Tumanggi man po ako'y walang mangyayari... kagustuhan din ninyo ang siyang masusunod.

Tandang Terong: At kayong apat?

Apat na Binata: Opo.

Tandang Terong: Akin na, Neneng, ang iyong singsing...

(Aabutin sa dalaga ang singsing at ihuhulog sa tubig sa garapon.)
Kayong apat ay magpapalabunutan kung sino ang unang sisid sa singsing na inihulog ni Neneng.

(Palabunutan) At ikaw, Berting, ang unang sisid sa dagat ng pag-ibig upang makuha ang singsing.

Mga Tao: (Palakpakan)

Isang Tao: Pagbutihin mo binata, at si Neneng ay marami nang nailunod na talisuyo sa karagatan.

Berting: Magandang gabi sa inyong lahat.
Mga nariritong kanayon ni Neneng
At sa iyo mutya'y muling nagpupugay,

Ipinangangakong nahulog na singsing
Aking sisisiri't sa 'yo'y ibibigay
Tanda ng pag-ibig na walang hanggan.
Dahilan na ako'y siyang nakabunot
Ng palitong itong nagpapahintulot
Ako ay sumisid sa dagat ng nais
At ang iyong singsing ay aking makamit
Ay katunayan na ang
Diyos ang pumili
Na ako ngang ito'y siya mong itinangi.

Neneng:

Ikaw nga ang unang pinili ng Diyos
Sumisid sa singsing na aking hinulog
Subalit di upang maging siyang irog
Kundi idaan lang muna sa pagsubok.
Kaya't sisirin mo ang tanong kung ito
At singsing kong ito ay nang maangkin mo.
Ang singsing na itong linso't walang bato
Turan mong simula at ang dulo nito.

Berting:

Tila ang bugtong mo'y sinlalim ng dagat
Na di matatarok ng isip kong pahat.
Kaya't iyong singsing nais kong makuha
Isa pang pagsubok ang hiling ko sinta.

Kulas:

Ang pagkakatao'y isalin sa iba
Nang di masabing ikaw ay buwaya
Akong nakabunot ng pang-ikalawa
Inaangking hirang kanyang karapatan
Sumisid sa dagat ng singsing mong bugtong
Na siyang panumbas sa iyong pag-irog.

Neneng:

Kung gayon, o Kulas, iyo ng sisirin
Ang lalim ng puno't dulo niyang singsing.

Kulas:

Singsing aking Neneng, walang puno't dulo
Mayroon ngang simula at may wakas ito
Ang simula'y bilog nito na panloob
At ang katapusa'y panlabas na bilog.
Ganyan kung gawin, singsing ng pag-ibig.
Kaya't nasisid ko singsing mong nahulog.

Neneng:

Iyan ang tanong diyan kay Lamberto
Kaya't heto na naman ang tanong sa iyo;

nang ikaw'y parito, pamula sa kanto
Ilang bahay, Kulas, ang naraan mo?
May ilaw ay ilan, iyo sanang turan
Tingnan ko ang tibay ng pang-alaala mo.

Kulas: Salamat Neneng ko'y iyang katanungan
Kay-daling sagutin kaya't aking masasabing
Ako'y tanging mahal; Heto ang tugon ko:
Bahay, pito lamang at sa mga ito'y
Aking natandaan, apat ang may ilaw
Ito'y patotoong isip ko'y malinaw.

Neneng: Kulas, ikaw'y mali sa iyong katugunan
kaya't isasalin itong aking tanong
Sa sinong ikatlong sa tubig lulusong
At siyang sisid sa singsing kong bugtong.

Nardo: Ako ang ikatlong dapat subukin mo
Kaya't iyong dinggin ang tugon ko'y ito:
Pamula sa kanto at hanggang sa rito
Walang bahay ni ilaw akong natandaan
Kundi itong ponda ni Neneng kong mahal.

Mga Tao: (Palakpakan at kantiyawan)

Neneng: Kung gayon ito naman ang iyong tugunin
Pang-una sa tatlong iyong sasagutin
Bakit ba ang tubig sa bilog na mundo
Hindi tumatapon walang ligwak ito?

Nardo: Sa abot ng isip, narito ang tugon:
Tubig, bato't tao, at lahat sa mundo
Ay di tumatapon dahil sa ang globo
Ay isang malaki't mabisang magneto,
Hinihigop nito ang lahat ng narito
At sa kalawaka'y di tayo tutungo.

Mga Tao: Magaling! Mabuhay si Nardo!

Neneng: Pangalawang tanong, heto na't pakinggan.
Paanong buwang sa langit ay tanglaw
Aking mahihipo't mapaglalaruan?
Ito'y pangarap nang ako'y musmos pa lang...
Kung talagang ako ay sadyang mahal mo
Paiirugan mo ang hiling kong ito.

Various online tools which make teaching and learning richer
and more meaningful are just a few clicks away!

- Nardo:** Salamat, O, Ina, sa pag-aaruga mo,
Noong ako’y munti’t pinalalaki mo.
Isang paborito’t ibig kong kuwento
Ay siyang panugon sa tanong na ito.
Sa pamamagitan ng isang salamin
Minumutyang buwan ay pabababain
Kahit sa kandungan ng mutya ko’t giliw
Mapaglalaruan, buwang hinihiling.
- Mga Tao:** Magaling! Iyan ang binata namin!...
Pakinggan natin ang tanong na ikatlo.
- Nardo:** Ako’y nakahanda sa pangatlong tanong
Singsing na nahulog aking sisisirin
Sukdang ikapugto ng hiningang tangan
Kung gusto ng mutya’y aking maangkin.
- Neneng:** Ako’y nangangamba, ako’y natatakot
Na ang huling tanong ay kanyang masagot.
Itong karagatan isang laro lamang
Ngunit paglalarong birong katotohanan.
Ayaw ko na yatang ito ay ituloy
Baka sa sagutan ako’y maparool.
- Tandang Terong:** Ituloy mo, apo, bahala na ako.
- Neneng:** Kung gayon Leonardo, tugunin mo ito.
Kung tayo’y makasal ay nanaisin ko
Na magpulot-gata sa bayang Mindoro
Na ating sasakya’y binalsang kawayan
Na bigkis ng lubid na pawang hinabi
Sa buhanging pino’t ikaw ang pipili.
- Nardo:** Neneng, aking mahal, sadyang mahal kita
Kaya’t imposible’y pag-aariin pa
Lubid na buhangin, aking pipiliin
Kung pababaunan ng aking pagkain
Bawat isang linggong kakailanganin
Sa ‘sang dahong ipil iyong babalutin.
- Neneng:** Hindi ba’t ang hiling sa aking nanggaling
Bakit ngayo’y ako ang pasusulitin?
- Nardo:** Pagka’t paniwalang di ka sinungaling.
- Neneng:** Anong batayan ng iyong pasaring? Gawang pandaraya’y...

Nardo: Salamat kung gayon, mutya ko at giliw
Ikaw ay may wikang tapat at matining;
Nang iyong sabihing tayo’y kakasalin
Inakalang tapat ikaw sa paggiliw;
Kaya’t sa problemang aking haharapin
Kalahati ka sa tuwa’t sa ligaya gayon din.
Ang buhanging lubid ay kaya kong gawin
Kung sa hirap nito’y kasalo ang giliw.

Neneng: yoko’t di tama! Di pa nakakasal
Ni walang sintahan ay mag-asawa na.

Nardo: Di nga mag-asawa ngunit may pagsinta!

Neneng: Ay sayang! sayang na pag-ibig.
Sayang na singsing kong nahulog sa tubig.
Kung ikaw rin lang ang siyang sisid.
Mahanga’y hintin kong kumati ang tubig.

Tandang Terong: Unang pangyayaring apo’y nayungyungan
Ako ang hahatol. Mabuhay si Nardo!

**MATINING
LINSO
TALISUYO
PASARING
MAPAROOOL KUMATI
LIGWAK
PAHAT**

Itong karagata’y simula ng kuwento.
Mula ngayon, Nardo, sa bahay pumanhik
At doon ihibik, ang iyong pag-ibig.

Pepito: (liling-iling at nagkikibit ng balikat)

Mga Tao: Mabuhay si Tandang Terong! Mabuhay!
Mabuhay ang karagatan, aliwang Pilipino!

Various online tools which make teaching and learning richer
and more meaningful are just a few clicks away!

2. Pagpapalawak ng Talasalitaan

Maaaring ito ay sagutan sa kuwaderno at magpapalitan ang magkatabi para sa pagwawasto o maaari din namang tumawag ng mga mag-aaral na sasagot:

- | | |
|---------------|-----------------|
| 1. pondahan | 6. nayungyungan |
| 2. nagpupugay | 7. talisuyo |
| 3. mutya | 8. kumati |
| 4. linso | 9. matining |
| 5. maparool | 10. ligwak |

Ipalawanag sa sariling pag-unawa ang kahulugan ng mga matalinghagang pangungusap na binanggit sa binasang akda:

1. Ang kahoy na panggatong kaya di masindiha ay higit na marami ang nasa kalan kaysa kailangan.
2. Ni walang kasintahan ay mag-asawa na.
3. Kung ikaw rin lang iyang sisid, mahanga'y hintin kong kumati ang tubig.
4. Ang buhanging lubid ay kaya kong gawin kung sa hirap nito'y kasalo ang giliw.
5. Matagal nang nakasalang ang sinaing ay di pa ginagatungan.

3. Pag-unawa sa Binasa

Tatanungin ang mga mag-aaral:

1. Saan nagaganap ang karagatan?
2. Paano ito nagsimula?
3. Paano nagtapos?
4. Sino ang mga tauhan sa maikling dula ito?
5. Ano ang nagaganap sa dula?
6. Paano ipinakita sa dula ang katapatan ng isang binatang nanliligaw?
7. Ano ang masasabi mo sa paraan ng pananalitang ginamit ng mga tauhan sa "Ang Karagatan"?

4. Pagpapalalim

Tatalakayin ang karagatan bilang isang anyo ng katutubong panitikan.

"Ang Karagatan" ay isang anyo ng katutubong dula na umiikot ang kuwento sa isang dalagang nawalan ng singsing dahil nahulog ito sa dagat. Sa larong ito, makikita ang husay ng mga makatang Pilipino sa pagbubuo ng makinis na tula, mahuhusay na kaisipan at talinghaga, at pagpapakita ng talino sa pagsagot.

5. Kaalamang Panggramatika

Ang mga PONEMANG SUPRASEGMENTAL

Ang mga ponemang suprasegmental ay tumutukoy sa mga makabuluhang yunit ng tunog na hindi ginagamitan ng letra. Ang mga ponemang ito ay tinatawag nating diin, tono/intonasyon/punto, at antala. Ang tatlong ito ay tumutulong sa pagbibigay ng kahulugan sa mga salitang magkapareho ng baybay ngunit magkaiba ang bigkas.

1. Diin – Tumutukoy ito sa lakas ng pagbigkas sa pantig ng salita.

Halimbawa:

basá– nabuhusan ng tubig

basa – ginagawa sa mga libro

tasa – nilalagyan ng kape

tasà – tawag sa pagpapatulis sa lapis

2. Tono, intonasyon, at punto – Ang tono ng pagsasalita ay nagpapahayag ng damdamin, ang intonasyon ay tumutukoy sa pagtaas at pagbaba ng tinig ng nagsasalita. Ang punto naman ay tumutukoy sa *accent* ng nagsasalita. Ipinahihiwatig nito ang lugar na pinanggalingan ng nagsasalita.
3. Hinto/Antala – Saglit na pagtigil sa pagsasalita. Sa mga babasahin, kinakatawan ito ng mga kuwit para sa saglit na paghinto, at tuldok para sa katapusan ng pangungusap. Nakakapagpabago sa kahulugan ng mga salita ang saglit na paghinto.

Tingnan ang kaibahan ng mga pangungusap sa ibaba.

- a. Dumating sa kaarawan ko sina Maria, Rosario, at Alnie.
- b. Dumating sa kaarawan ko sina Maria Rosario, at Alnie.
- c. Doktor ang aking bunsong kapatid.
- d. Doktor, ang aking bunsong kapatid.

6. Pagpapalawak

Tatawag ng mga mag-aaral upang sagutin ang sumusunod na mga pagsasanay:

Panuto: Ipaliwanag ang pagbabago sa kahulugan ng sumusunod gamit ang mga ponemang suprasegmental.

1. Dumating na ang Pangulo.
2. Dumating na ang Pangulo?
3. Ako.
4. Ako?
5. Lumilindol!

6. Lumilindol?
7. Sina Rhodora, May, at Teresa ang nanalo sa paligsahan.
8. Sina Rhodora May, at Teresa ang nanalo sa paligsahan.
9. Doktor ang aking bunsong kapatid.
10. Doktor, ang aking bunsong kapatid.

Bigkasin ang sumusunod na mga salita. Huminto sa * at ipaliwanag ang ibig sabihin ng binasa.

1. Hindi pula*
2. Hindi * pula*
3. Si Marco Antonio * at ako*
4. Si Marco * Antonio* at ako
5. Hindi * ako ang umubos.
6. Hindi ako ang umubos*

Bigkasin ng tama ang sumusunod na mga salita. Gawing gabay sa paglalagay ng diin ang mga nakasulat sa malaking titik.

1. TUbo tuBO
2. Plto piTO
3. SAya saYA
4. KAibigan kaiBIgan
5. PAso paSO
6. TAsa taSA
7. PANis paNIS
8. Aso aSO
9. magsaSAka magsasaKA
10. baSA BAsa

7. Pagpapalalim

Gumawa ng 10 magkakaparehong pangungusap na ang kaibahan ay makikita lamang sa paggamit ng mga ponemang suprasegmental. Ibahagi ito sa klase at ipaliwanag ang kahulugan ng mga pangungusap.

C. KONGKLUSYON

Ipagagawa ang mga panghuling gawain upang masukat kung natamo ng mga mag-aaral ang mga kasanayang dapat na linangin sa araling ito.

1. Pumili ng anim na kasapi para sa bawat grupo.
2. Balikan ang binasang "Ang Karagatan" at pumili ng mga paksa dito na gagawing balita na isasahimpapawid.

3. Gamitin ang mga ponemang suprasegmental sa pagbabalita.
4. Maglalaan ng sapat na oras upang makapaghanda ang mga mag-aaral.
5. Gamiting gabay ang sumusunod para sa pagsasahimpapawid ng balita:
 - a. Pumili ng *co-anchor* at *anchor* na siyang maghahatid ng balita.
 - b. Gawing lokal, pambansa, at pandaigdig ang balita.
 - c. Gumawa ng patalastas bilang isponsor sa pagbabalita.
 - d. Limang minuto lamang ang pagbabalita.

Rubric sa Pagbabalita

Pamantayan	1	2	3	4
1. Malinaw bang naihatid ang balita sa pamamagitan ng paggamit ng tono, diin, intonasyon, at antala?				
2. Nagbabago ba ang tinig ng tagapagbalita batay sa tono, diin, intonasyon, at antala?				
3. Angkop ba ang pagbabago ng tinig sa nilalaman ng balita?				
4. Nabigyang-buhay ba ang pagbabalita?				

Unang Markahan Baitang 8

Supplemental Lesson Plan 6

Aralin 6: Pag-unawa sa mga Kaantasan ng Pang-uri Dalawang Mukha ng Siyensiya ni Armando F. Kapuan

A. PANIMULA

Hahatiin sa limang grupo ang klase at bawat grupo ay bibigyan ng isang larawan. Ang mga larawang ito ay maaaring ang sumusunod:

1. Mga taong namumulot ng basura sa tabi ng dagat o ilog
2. Mga isdang patay na nakalutang sa ilog o palaisdaan
3. Baha o tagtuyot
4. Mga subdibisyon o *high-rise buildings* sa siyudad

Maglalaan ng takdang haba ng oras para sa pangkatang gawain na ito. Ipasulat niya sa papel ang mga napag-usapan ng bawat grupo base sa nakahandang mga gabay na tanong. Pagkatapos ng takdang oras ng pag-uusap, iuulat ng bawat grupo sa klase ang kanilang pinag-usapan at ipakikita rin ang larawang hawak nila.

Mga Gabay na Tanong:

1. Ilarawan ang nakikitang pangyayari sa larawan.
2. Sa iyong palagay, ano ang sanhi ng pangyayaring ito? Bakit mo nasabi?
3. May solusyon ba sa problemang maaaring maging resulta ng pangyayaring ito? Ipaliwanag ang sagot.

B. KATAWAN

1. Pagpapayaman ng Talasalitaan

Ibigay ang kahulugan ng sumusunod na mga salita. Isulat sa kuwaderno ang kahulugan at ilarawan ang mga salita gamit ang isang buong pangungusap.

Pamantayang Pangnilalaman:

Naipamamalas ng mga mag-aaral ang kakayahang makilala ang pang-uri sa iba't iba nitong antas.

Pamantayan sa Pagganap:

Nakapagbibigay ang mga mag-aaral ng mga halimbawang pangungusap gamit ang pang-uri sa iba't iba nitong antas.

Mga Kasanayang Pampagkatuto:

1. Naipaliliwanag ang kaibahan ng mga antas ng pang-uri
2. Nagagamit nang wasto ang mga antas ng pang-uri sa pagpapahayag na pasalita at pasulat
3. Naihahambing ang sariling saloobin o opinyon sa saloobin at opinyon ng iba
4. Naipaliliwanag ang mahahalagang tema at paksang nakapaloob sa binasang akda

Magpapalitan ng kuwaderno ang magkatabing mag-aaral para sa pagwawasto ng mga salita. Maaaring idikta ang tamang sagot o itanong sa mga mag-aaral ang kanilang sagot.

1. kasamaang-palad
2. bugso
3. populasyon
4. masiba
5. balyena
6. nilad
7. masalimuot
8. marubdob
9. siyentipiko
10. penomena

2. Kasanayang Panggramatika

Tatalakayin ang mga kaantasan ng pang-uri.

Tatlong antas ng pang-uri:

1. Lantay o pangkaraniwan ang antas ng pang-uri katulad ng mga salitang maganda, mataas, matangkad, palabiro, palatawa, at matalino.
2. Katamtaman ang antas ng pang-uri kapag ginagamitan ito ng mga salitang medyo, ng bahagya, ng kaunti, at iba pa.
3. Masidhi o pasukdol ang antas ng pang-uri at naipapakita ito sa pamamagitan ng mga
 - a) panlaping napaka, pagka, at kay;
 - b) pag-uulit ng mga salita; at
 - c) paggamit ng mga salitang lubha, masyado, totoo, talaga, tunay, at iba pa.

Magbibigay ng mga halimbawa at tatanungin niya ang mga mag-aaral kung alin ang pang-uri sa mga halimbawa at kung ano ang kaantasan ng mga ito.

Mga halimbawang pangungusap:

- a. Malinis ang kalooban ng isang taong nagtitiwala sa kapwa.
- b. Mabait ang kanyang nanay.
- c. May kabagalan ang takbo ng mga sasakyan dahil sa trapik.
- d. Medyo mahaba na ang pila ng mga tao sa MRT.
- e. Tunay na maganda ang plano niya para sa kanyang pamilya.
- f. Napakaromantiko naman ng nobelang nabasa ko.

3. Pagpapalalim

Magbibigay ng mga salita at ipatutukoy naman sa mga mag-aaral ang anyo nito sa iba't ibang antas ng pang-uri. (Maaaring dagdagan ang mga salita.)

1. ganda
2. laki
3. haba
4. pait
5. tamis
6. tabang
7. singkit
8. linaw
9. bait
10. kinis

Pagkatapos ng mga talakayan at mga halimbawa, sasagutan ng mga mag-aaral ang nakahandang gawain.

Panuto: Isulat ang lantay, katamtaman, at pasukdol na antas ng pang-uri ng sumusunod na mga salita:

Salita	Lantay	Katamtaman	Pasukdol
1. kapal			
2. bilis			
3. laki			
4. baho			
5. mahalaga			
6. dami			
7. unlad			
8. ganda			
9. masalimuot			
10. sikap			
11. kinis			
12. pait			
13. pakla			
14. lawak			
15. lalim			

4. Pagbasa

Bibigyan ng panahon ang mga mag-aaral na tahimik na basahin ang akdang “Dalawang Mukha ng Siyensiya” ni Armando F. Kapuan.

Magbibigay ng takdang oras para sa tagal ng tahimik na pagbasa.

Dalawang Mukha ng Siyensiya

ni Armando F. Kapuan

Napakaingat na tao ng mga siyentipiko. Kapag nais nilang suriin ang isang bagay, sinisikap nilang ibukod hangga’t maaari ang sistemang ito at gawin itong napakasimple hangga’t makakaya. Ideal sa siyensiya na ibukod ang mga paisa-isang epekto ng mga paisa-isang kadahilanan.

Sa kasamaang-palad, bihirang-bihirang tumakbo sa ganitong ideal na antas ang kalikasan. Ang mga simple’t pang-araw-araw na bagay ay kombinasyon ng maraming nag-uugnayang kadahilanan at nang sa gayon din karami’t kasalimuot na nag-uugnayang epekto. Sa isang likas na bagay, tulad ng ulan, na wari’y nagaganap nang di kinasasangkutan ng tao, hindi natin ito gaanong iniintindi. Ngunit tayo’y nababahala kapag ang mga aktibidad ng tao ay tuwirang umimpluwensiya at tuwirang naiimpluwensiyahan ng isang likas na penomenon (lalo na’t pang-ekonomiya ang mga aktibidad na ito). Halimbawa ng ganitong penomenon ang mabilis na paglago ng nilad (water lily) sa ibabaw ng Laguna de Bay. Sa maraming lugar sa paligid ng lawa, biglang nahinto ang pangingsda sapagkat natabunan na ang lawa ng makapal na halamang tatlong piye sa ibabaw at ilan pang piye sa ilalim. Dahil sa labis na kapal nito’y hindi man lamang mailunsad mula sa pampang ang mga bangka ng mangingsda. Makakita man ang mga mangingsda ng puwang na may tubig na mapaghahagisan ng lambat, ang biglang bugso ng hangin ay mabilis na tumatangay sa nakapaligid na nilad upang pumulupot na tumatangay sa lambat. Napakalubha ng nagiging epekto nito sa kabuhayan. Bumaba na ang kita ng mga taong umaasa sa pangingsda sa lawa. Dahil dito’y hindi mabayaran ang mga inutang para sa kagamitan sa pangingsda at ang buhay nila’y naging sangkahig-sangtuka na lamang.

Sa problema ng environmental pollution o pagpaparumi sa kapaligiran, kapansinpansin kung paanong ang magagandang intensiyon sa isang larangan ay nagkakaroon ng masasamang epekto sa iba namang larangan. Ang paglikha sa mga sabong panlinis (na nagkakataong nababase sa petrolyo tulad ng karamihan sa mga modernong kemikal) ay itinuturing na napakabuting bagay at humantong sa paggamit dito sa halos lahat na ng “modernong” pook-tahanan ng mga tao. Subalit upang umubra, ang mga pormula na sabon sa kailangang gumamit ng napakaraming aditibong phosphates. Sapagkat ang sabong pampaligo at panlinis ay ginagamitan ng tubig, sapagkat karaniwang itinatapon ang gamit ng tubig, lumaki nang lumaki ang konsentrasyon ng phosphates sa mga batis, ilog, at lawa, kasabay ng paggamit ng sabon.

Ang phosphate (kasama ang nitrate) ay mahalagang bahagi ng pagkain ng mga halamang tubig at ang pagdami ng sustansiyang ito ang dahilan ng pagkapal ng mga organismong ito hanggang sa yaong mga tubigan na dati’y bumubuhay sa maliit at matatag na populasyon ay naging mga berdeng sopas at may panahong taon-taong namamatay at bumabaho. Ang ganitong pagpapataba sa pamamagitan ng sustansiya na humahantong sa “pamumukadkad ng alga” ang isa sa pangunahing sanhi ng pagtanda ng mga tubigan o yaong tinatawag na eutropikasyon.

Bukod sa pagbaba ng kalidad ng tubig (ang tubig na may alga ay hindi maiinom, salain man) ang eutropikasyon ay makaaambag pa sa mga pangyayaring nakasisira sa kabuhayan, tulad nitong nakaraang pagkamatay ng isda sa mga baklad sa Laguna.

Makikita ang pagdadalawang-mukha ng siyensiya sa naganap sa Laguna. May pagsisikap na makagawa ng kabutihan—pag-unlad sa pamamagitan ng siyensiya. Subalit sa halip na kabutihan ang idulot ng siyensiya, ang di-inaasahang epekto ay kapahamakan.

Mangyari pa, iba ito sa buktot na tendensiyang sinasadya man o hindi ay may layong makapinsala sa pasimula pa man. Napakaraming negosyante ang sa kasamaang-palad ay nasa categoryang ito. May mga masisibang may-ari ng trosohan na kumakalbo sa mga bundok, mga nanghuhuli ng balyena na halos nakalipol na sa ilang uri ng balyena, mga tagamanupaktura ng kemikal na nakalason na sa kilo-kilometrong ilog at ekta-ektarya ng lupang agrikultural.

Ang nakapanghihinayang sa pagdadalawang-mukha ng siyensiya ay ang bagay na tunay na nagsisikap makagawa nang mabuti ang mga taong kasangkot sa iba’t ibang aktibidad kaugnay nito. Kaya’t inihihimatong man ng maingat na pagsusuri na maaaring makalikha ng pinsala, mahirap na ring maneutralisa ang kanilang marubdob na pagsisikap

“Papanong kakalabanin mo ang mas malawak na empleyo, mas malaking produksiyon ng bigas. Mas mataas na GNP?”

Papaano haharapin ng mga siyentipiko ang ganitong pangyayari? Ano ang kailangan upang ito’y maunawaan? Ano ang ating magagawa tungkol dito?

Nitong nagdaang panahon, maraming siyentipiko ng kalikasan ang nagpapalagay na dapat tayong gumamit hindi lamang ng utak sa pagharap sa napakakumplikadong mga sistema (tulad ng problema ng eutropikasyon), gaya ng paggamit natin hindi lamang ng lakas ng masel upang gampanan ang ating aktibidad. Dapat nating harapin ang tunay na masalimuot na kalagayan ng mga likas na penomena, sapagkat ang siyentipikong ideal ang pagbubukod at simplikasyon ay hindi uubra sa ganitong larangan. Ngunit upang makapagtrabaho man lamang sa ganitong kapaligiran na wika ng isang siyentipiko ay “magulo,” hindi maaaring “utak lamang” ang gagamitin. Ang ganitong larangan ay siyentipikong pagsisikap ay hindi pa lubos na kilala at nasaliksik sa bayang ito.

Sagutin ang sumusunod na mga tanong:

1. Paano naipapakita ng mga siyentipiko ang pagiging maingat nila?
2. Ano ang ibig sabihin ng dalawang mukha ng siyensya ayon sa akdang binasa?
3. Magbigay ng mga halimbawa ng epekto ng dalawang mukha ng siyensya sa kapaligiran.
4. Ano ang masasabi mo sa mga pangyayaring ito?
5. Bilang mag-aaral, ano kaya ang magagawa mo upang masolusyunan ang problema sa polusyon?

C. KONGKLUSYON

Papangkatin ang mga mag-aaral upang magtulungan sila sa pagsulat ng sanaysay.

Susulat ng isa hanggang dalawang talatang sanaysay na naglalarawan sa kapaligirang nadadaan nila araw-araw pagpasok sa eskuwela. Bibigyang-diin ang paggamit ng pang-uri sa iba't iba nitong antas sa paglalarawan. Maaaring pasalungguhitan sa mga mag-aaral ang pang-uri o ipabanggit sa klase ang mga pang-uring ginamit sa isinulat na sanaysay.

Babasahin ng isa sa mga kasapi ng bawat pangkat ang kanilang isinulat na sanaysay at hihingin naman ang reaksiyon ng ibang grupo tungkol sa binasa.